**SIPI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA GINANAP NGAYONG IKA-10 NG OKTUBRE, 2016 SA BULWAGANG PULUNGAN NG AMADO RAYMUNDO.**

**Mga Nagsidalo:**

**IGG. LEONARDO L. LEONCIO**
*Pangalawang Punong Bayan at*
*Tagapangulo ng Sangguniang Bayan*

**IGG. ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
*(Pinuno ng Mayorya)*

**IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ**
*(Pinuno ng Minorya)*

**IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN** **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN**
**IGG. LEO T. SANTOS** **IGG. EDWIN N. DE GUZMAN**
**IGG. ROMULO DF. LAZARO** **IGG. APRILLE KEITH M. LAZARO**

**IGG. MARTIN SJ. ANGELES**
*(Pangulo, Liga ng mga Barangay)*

# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2016-13

**"ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG LIBRENG PAP SMEAR SA LAHAT NG MGA KABABAIHAN SA BAYAN NG BUSTOS TUWING SASAPIT ANG BUWAN NG KABABAIHAN".**

---

**Pinagtibay sa mungkahi ni: Igg. Orlando L. De Guzman**
**Tagapangulo**
**Lupon ng Kalusugan at Sanitasyon**
**Mula sa Orihinal na Panulat ni: Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

---

**SAPAGKA'T,** pinangangalagaan ng Pamahalang Bayan ng Bustos ang lahat ng kalinga sa mamamayan at lahat ng sector gaya ng mga kababaihan;

**SAPAGKA'T,** nakikiisa ang Pamahalaang Bayan sa tuwing ipagdiriwang ang Buwan ng mga Kababaihan;

**SAPAGKA'T,** malaking porsyento ng kababaihan ang walang kakayahang magkaroon ng palagiang *check-up* sa mga pribadong *OB-Gynecologist* upang mapangalagaan ang kanilang *reproductive health;*

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na magpatibay ng isang Kautusan na nagtatakda ng libreng pap smear sa lahat ng mga kababaihan sa Bayan ng Bustos tuwing sasapit ang buwan ng mga kababaihan;

**IPINASIYA** pa din, na magtupad ng mga alituntunin gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1. "Pamagat"** - Ang Kautusang ito ay may maikling pamagat na "Kababaihan at Kalusugan ay Pangalagaan Ordinance"

**Seksyon 2. "Layunin"** - Layunin ng Kautusang ito na pangalagaan ang kalusugan ng mga Bustosenya at maging katuwang nga Pamahalaang Bayan sa pagpapanatili ng maayos na pangangatawan ng mga kababaihan at makaiwas sa anumang sakit gaya ng "cervical cancer".

**Seksyon 3. "Mga Alituntunin ng pagpapatupad"** - Ang mga alituntunin ng pagpapatupad ng Kautusang ito ay ang mga sumusunod:

i. Ang Kautusang ito ay idaraos tuwing buwan ng Marso na siyang buwan ng mga Kababaihan.

ii. Ang mga miyembro ng Rural Health Unit sa pangunguna ng Pambayang Pinuno sa Kalusugan, Bustos Community Hospital at pinuno nito ang mangunguna sa pagsasagawa ng pap smear.

iii. Ang pagsasagawa ng pap smear ay para sa labing limang (15) kababaihan sa bawat barangay at bibigyang prayoridad ang mga mahihirap (*indigent*) na mamamayan nito.

iv. Ang Kautusang ito ay para lamang sa lahat ng kababaihan na residente ng bayan ng Bustos.

v. Ang pondong gagamitin ay magmumula sa *Gender and Development Fund*.

**Seksyon 4. "Pagsususog na Sugnay"** - Alinmang bahagi o mga bahagi ng Kautusang ito na mapapatunayang labag sa batas o Saligang Batas na ipawalang-bisa ay hindi magpapawalang-bisa sa mga tadhanain ng Kautusang ito na hindi mapapatunayang labag sa batas.

**Seksyon 5. "Pagkakabisang Sugnay"** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw makaraang maipabatid sa lahat ng mga barangay sa Bustos, Bulacan o sa buong bayan ang isinasaad ng Kautusang ito.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-10 ng Oktubre taong Dalawang Libo Labing Anim, sa Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Anim.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

***Sinang-ayunan:***

Nilagdaan ngayong ika-___ ng Oktubre 2016

**ARNEL F. MENDOZA**
Punong Bayan